# Hatol sa massacre case, ilalabas na

Balita · 9 Nov 2019 · 1 · Rey Panaligan at Beth Camia

Inaasahang ilalabas na ng Quezon City Regional Trial Court (QCRTC) ang hatol nito sa kontrobersyal na Maguindanao massacre, bago magPasko.

Ito ay matapos payagan ni Supreme Court Chief Justice Diosdado Peralta ang hiling ni QCRTC Branch 221 Judge Jocelyn Solis-Reyes, na mabigyan ito dagdag na 30 araw upang madesisyunan ang nasabing kaso.

Sinabi ni Peralta na hindi naman siya nadidismaya na inabot na ng dekada ang kaso at hindi pa rin nadedesisyunan.

“Ginawa naman ni Judge SolisReyes ang lahat para maibigay ang hustisya sa pamilya ng mga biktima at natiyak naman ang due process sa mga akusado.

“This office finds the ground for your request reasonable and hereby grants the same. Please be reminded, however, that you are hereby granted a non-extendible period of 30 days from 20 November 2018, or until 20 December 2019, within which to decide the said criminal cases,” ang bahagi ng memorandum na ipinadala ni SC Administrator Jose Midas Marquez kay Reyes

Matatandaang aabot sa 58 katao ang nasawi, kabilang mgamamamahayag nang pagbabarilin ang mga ito sa Bgy. Salman sa Ampatuan, Maguindanao, noong Nobyembre 23, 2009.